
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 5:
## Pagsunod at Pagsulat ng Panuto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsunod at Pagsulat ng Panuto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Meagan Alexis A. Almasco |
| **Editors:** | Ma. Theresa I. Cortez |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | Jackielene V. Portea |
| **Tagalapat:** | Brian Navarro |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Ronel Al K. Firmo, Francisco B. Bulalacao, Jr. Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Ikalawang Markahan– Modyul 5:
## Pagsunod at Pagsulat ng Panuto

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo, kaibigan! Kumusta?

Ikaw ba ay sumusunod sa sinasabi o ipinagagawa ng iyong mga magulang o guro at sa mga tagubilin/babala na nakasulat na madalas mong nababasa o kaya ay naririnig?

May mga pagkakataon bang ikaw ay naguguluhan sa iba't ibang panuto na iyong nababasa at naririnig? Paano kaya kung ikaw na ang gagawa ng panuto, kaya mo ba? Aba, siyempre, kayang-kaya mo!

Inaasahang pagkatapos ng aralin na ito, ikaw ay:



1. **Nakasusunod sa nakasulat na panuto.**
2. **Nakasusulat ng panuto gamit ang dayagram.**

Halika, palawakin mo pa ang iyong kaalaman at galing sa pagsunod at pagsulat ng panuto.

Simulan mo na.

## *Subukin*

Ano na ang alam mo tungkol sa pagsunod at pagsulat ng panuto? Subukin muna natin ang iyong kaalaman.

**A. Panuto:** Basahin at sundin ang mga nakasulat na panuto.

Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Gumuhit ng parihaba. Isulat sa loob nito ang pangalan mo.

2. Isulat ang pangalan ng iyong paaralan. Bilugan ang mga katinig.

3. Isulat ang pangungusap at ilagay sa kahon ang mga salitang naglalarawan.


*Ang aking nanay ay masipag at napakabait.*

4. Gumuhit ng tatlong bituin. Pagdugtung-dugtungin ang mga ito sa pamamagitan ng mga linyang pahiga.

5. Isulat ang pangalan ng isa sa iyong mga kaibigan. Ipasok ito sa loob ng puso na iyong iguguhit.

**B. Panuto:** Sa tulong ng mga larawan, isulat ang tamang pagkasunod-sunod ng mga panuto sa paghuhugas ng pinggan. Isulat sa tamang bilang 1-5 ang mga panutong ipinakikita sa larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1 



2 

3 


4 

5 

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin ang wastong sagot sa pahina ng Susi sa Pagwawasto.

Saang antas ka nabibilang?
8-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
5-7 tamang sagot - MAGALING
1-4 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN






## *Balikan*

Narito ang isang gawain na susukat kung gaano mo naintindihan at naisapuso ang konsepto tungkol sa pagsasabi ng sanhi at bunga.

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng S kung ang mga salitang nakasalungguhit ay sanhi at B kung ito ay bunga. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Umuulan nang malakas dahil may namumuong bagyo.
2. Naiwan ni Aling Rosa na nakasindi ang kandila kaya nasunog ang kanilang bahay.
3. Bumaha sa ilang lugar dahil sa walang humpay na pagputol ng puno ng mga tao.
4. Aksidenteng nagkabanggaan ang dalawang sasakyan dahil parehas na naka-inom ng alak ang mga nagmamaneho.
5. Araw-araw akong nagdidilig ng halaman kaya malalaki at malulusog ang mga ito.




## *Tuklasin*

Ano kaya ang maaari nating gawin upang makaiwas sa sakit?


Basahin at unawain ang sumusunod:

Marami ang hindi makalabas ng bahay dahil sa kumakalat na pandemya sa buong mundo. Dahil dito, naisip ni Nanay Nilda na turuan ang kaniyang mga anak nang tamang paraan ng

paghuhugas ng kamay. Kaya naman, para mas madaling matutuhan ng kaniyang mga anak, ginuhit niya ang mga hakbang at sinulat ang panuto kung paano ito isasagawa. Ginawa niya ito dahil labis ang kaniyang pagmamahal sa kaniyang mga anak at nais niyang mapangalagaan ang kanilang kalusugan at maiwasan ang pagkakasakit lalo na mayroong kumakalat na virus.

Narito ang ginawa ni Nanay Nilda na mga hakbang sa tamang paghuhugas ng kamay. Maaari mo ring sundin ang panuto. Gawin ito nang 20 segundo.


**Mga Hakbang sa Tamang Paghuhugas ng Kamay**




1. Basain ng tubig ang mga kamay.




2. Maglagay ng tamang dami ng sabon.




3. Kuskusin nang mabuti ang mga palad ng kamay.




4. Kuskusin ang likod ng mga kamay.



5. Kuskusin ng paikot ang mga dulo ng daliri sa magkabilang palad.



6. Banlawang mabuti sa malinis na tubig ang mga kamay.



7. Patuyuin ang mga kamay gamit ang malinis na pamunas o tuwalya.

***Sagutin ang mga tanong:***

1. Ayon sa binasa, ano ang naisip ni Nanay Nilda?
2. Kanino ituturo ni Nanay Nilda ang kaniyang naisip?
3. Sang-ayon ka ba sa kaniyang naisip? Bakit mahalagang matutuhan ang tamang paghuhugas ng kamay?
4. Ano ang ginawa ni Nanay Nilda para madaling matutuhan ng kaniyang mga anak ang tamang paghuhugas ng kamay?
5. Sa iyong palagay, nakatulong ba ang mga larawan upang madaling maunawaan at masunod ang nakasulat na panuto? Paano?

## *Suriin*

Bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay ang pagsunod at pagbibigay ng direksyon at panuto.

Ang ***panuto*** ay binubuo ng mga hakbang na sinusunod sa paggawa ng isang bagay o gawain. Kailangang sundin ang mga hakbang at pamamaraang ito upang maisagawa nang maayos ang isang gawain. Kaya naman inaasahan na malinaw din itong inilalahad.

Nagbibigay ng mga gabay, tuntunin, panuto na dapat sundin upang maging madali at maayos ang paggawa ng isang gawain. Halimbawa, sa mga laro, pagsali sa paligsahan at timpalak, paggawa ng proyekto, pagpunta sa ibang lugar at marami pang iba.

Sa pagsulat ng panuto, makatutulong ang pagkakaroon ng diyagram at larawan upang malinaw na maibigay ang mga hakbang na dapat gawin.

Narito ang mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng panuto gamit ang diyagram:

1. Pag-aralang mabuti mga larawan o diyagram.
2. Isipin nang mabuti ang isusulat tungkol sa larawan o diyagram.
3. Malinaw at tuwirang isulat ang panuto. Gumamit lamang ng mga simpleng salita na madaling maunawaan.
4. Isulat ang panuto sa tamang pagkasunod-sunod.
5. Tiyakin na kompleto ang mga detalyeng ibinigay.



## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

Handa ka na ba? Simulan mo na kaibigan…

**A. Panuto:** Sundin ang sumusunod na panuto upang mabuo ang isang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano sa ingles ang hari? ____________

Sa unahan nito, isulat ang letrang **a** kung ikaw ay nasa ikaapat na baitang.

2. Alin ang salita na tumutukoy sa sarili? _____________
   Kinuha (ko, mo) ang bolpen niya.

3. Alisin ang *"sa"* at *"in"* sa salitang *sawikain.* Ano ang salitang natira?________

4. Ano ang mabubuong salita kapag tinanggal ang unang letra sa salitang "*lang*"? _____________

5. Ano ang salitang-ugat ng *"nagmamahal"?* _____________


6. Ngayon, isulat mong lahat ang mga salitang nabuo mo sa bawat bilang.

| _________ | _________ | _________ | _________ | _________ |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |


Ayusin mo ang mga salita upang makabuo ng isang pangungusap na dapat masabi ng isang tunay na Pilipino.

| _________ | _________ | _________ | _________ | _________ |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 2 | 4 | 1 | 3 |


**B. Panuto:** Tingnan ang mga larawan na nasa ibaba. Subukin mo naman na sumulat ng iyong sariling panuto ng tamang paghuhugas ng kamay. Gamiting gabay ang *mga larawan* sa ibaba.




**1.**________________________________




**2.________________________________**



**3.________________________________**



**4.________________________________**



**5.________________________________**

Yehey!

Malapit mo nang matapos ang araling ito. Iwasto ang iyong mga sagot gamit ang **pahina ng Susi sa Pagwawasto.**



## *Isaisip*

Isiping mabuti...

Ang 1.____________ay binubuo ng mga hakbang na sinusunod sa 2.__________ ng isang bagay o 3.__________. Kinakailangang magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa pagsulat ng panuto gamit ang 4.___________o 5.____________ upang maging maayos, mabilis, at wasto ang pagsasagawa ng gawain.

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka, gawin ang sumusunod.


Sundin at isulat ang panuto gamit ang diyagram ng pagsisipilyo sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Pamagat:** ***Pagsisipilyo ng Ngipin***


Mga Hakbang:




1. ______________________________




2. ______________________________



3. ______________________________



4. ______________________________



5. ______________________________

## *Tayahin*

**A. Panuto:** Basahin at sundin ang isinasaad ng panuto sa bawat bilang.

1. Iguhit sa isang malinis na papel ang nasa larawan



1 2 3 4

2. Isulat ang iyong pangarap sa kahon bilang 4 (ang nais mong maging sa iyong paglaki).
3. Isulat naman sa kahon bilang 1 ang unang dapat mong gawin para matupad ang pangarap mo.
4. Sa kahon bilang 2 naman, sabihin kung paano mo gagawin ang isinulat mo sa kahon bilang 1.
5. Sa kahon bilang 3 naman, isulat ang pangalan kung para kanino ang iyong pangarap o ang iyong inspirasyon sa iyong pangarap.
6. Panghuli, isulat ang iyong pangalan sa sombrero ng pagtatapos.

**B. Panuto**: Tingnan mabuti ang larawan sa bawat bilang. Isulat ang panuto ng tamang paglalaba ayon sa ipinapakita sa diyagram. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

***Masipag at matulunging bata si Jamila. Palagi niyang tinutulungan ang kaniyang ina sa paglalaba ng kanilang damit.***

______________________________ **1.**



______________________________ **2.**




______________________________ **3.**



______________________________ **4.**



______________________________ **5.**



Wow! Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 14.**



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magtanong o hingin ang tulong ng kasama sa bahay upang bigyan ka ng panuto sa paggawa ng eroplanong papel, bangkang papel, bolang papel o papel na bulaklak. Pumili ng dalawa sa mungkahi at sundin ang panuto sa paggawa nito.

Kuhaan mo ng larawan ito o kaya ay idikit sa iyong portfolio ang nabuo mong bagay na gawa sa papel batay sa panutong ibinigay sa iyo.

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin.
Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo
ang mga pagsasanay at gawain.
***Ang husay mo kid!***



# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

**A.**

1.

Pangalan ng Sumasagot

2. Maaari mong isangguni sa iyong guro ang sagot sa bilang na ito.

3. Ang aking nanay ay masipag at nakapabait.

4.



5.




**B.**

1. Tanggalin ang mga tira-tirang pagkain at banlawan ang ng tubig ang baso kutsara't tinidor at plato
2. Ihanda ang pamunas at dishwashing liquid
3. Unahing hugasan ang baso,pagkatapos kutsara at tinidor at plato
4. Banlawan ang baso,kutsara at tinidor at plato
5. Pagkatapos banlawan ilagay ito sa dish rack

**BALIKAN**

1. B
2. B
3. S
4. B
5. S

**TUKLASIN**

1. Turuan ng tamang paghuhugas ng kamay ang kanyang mga anak
2. Ituturo ito sa kanayang mga anak
3. Opo, dahil mahalagang matutuhan ang tamang paghuhugas ng kamay upang maiwasan ang magkasakit.
4. Iginuhit niya ang hakbang at isinulat ang panuto kung paano ito isasagawa.
5. Opo, dahil nakikita kung papaano ang tamang hakbang sa paghuhugas ng kamay.

**PAGYAMANIN**

**A.** <u>aking</u> <u>ko</u> <u>wika</u> <u>ang</u> <u>mahal</u>
1 2 3 4 5

<u>Mahal</u> <u>ko</u> <u>ang</u> <u>aking</u> <u>wika.</u>
5 2 4 1 3

B.

1.Basain ng tubig ang kamay. Maglagay ng tamang dami ng sabon 2. Kuskusin ng mabuti ang mga palad ng kamay. Kuskusin ang likod ng kamay. 3.Kuskusin ng paikot ang mga dulo ng daliri sa magkabilang palad. 4. Banlawang mabuti sa malinis na tubig ang mga kamay. 5. Patuyuin ang mga kamay gamit ang malinis na pamunas o tuwalya.

**ISAISIP**

1. Panuto
2. Paggawa
3. Gawain
4. Diyagram
5. Larawan

**ISAGAWA**

*(Maaaring ang sagot ay hindi eksaktong katulad ng nasa 1-5. Humingi ng tulong o gabay sa nakatatanda.)*

1. Ihanda ang isang basong puno ng malinis na tubig.
2. Lagyan ng *toothpaste* ang sipilyo at kuskusin ang ngipin.
3. Kuskusin din ang iyong dila upang maalis ang mga nakakapit na pagkain.
4. Magmumong ng malinis na tubig.
5. Linisin at hugasan ang sipilyo bago itago.

**TAYAHIN**

**A.** Sariling sagot ito mag-aaral. Inaasahang gagamit ang guro ng pamantayan sa pagwawasto ng gawaing ito.

**B.**

1. Kunin ang maruruming damit
2. Paghiwalayin ang decolor at puti
3. Maglagay ng tubig sa batya at lagyan ng powder soap
4. Labhan at banlawin ng 3-4 na beses (pag may bula pa)
5. Saka isampay

**KARAGDAGANG GAWAIN**

***Guro ang magwawasto***

## *Sanggunian*

Jabines, A., Villafuerte, P., San Antonio, C., & Villanueva, V. (2015). *Yaman ng Lahi 4, Wika at Pagbasa Kagamitan ng Mag-aaral* (1st ed., pp. 100-112). Quezon City, Metro Manila: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

Filipino 6, Module 29. *Panuto…Panuto…Panuto…* Department of Education-BEAM Distance Learning Program

Filipino 6, Module 1. *Pagsunod sa mga Panuto*. Department of Education-BEAM Distance Learning Program supported by the Australian Agency for International Development.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph